



ELEKSYON 2022: 8-PUNTONG AGENDA

PARA SA KARAPATANG PANTAO

**AMNESTY
INTERNATIONAL**



Ang Amnesty International ay isang kilusan ng 10 milyong tao na naglalayong pukawin ang pagkatao ng bawat indibidwal. Nangangampanya kami para sa pagbabago upang matamasa nating lahat ang ating mga karapatang pantao. Hangad namin ang isang mundo kung saan tumutupad ang mga may kapangyarihan sa kanilang mga pangako, may paggalang sa pandaigdigang batas (*international law*) at may lubos na pananagutan. Malaya kami mula sa anumang pamahalaan, ideolohiyang politikal, at interes sa ekonomiya o relihiyon. Ang pangunahing pinagmumulan ng aming pondo ay mga donasyon mula sa aming mga miyembro at mga indibidwal na donasyon. Naniniwala kaming ang pagkilos na may pagkakaisa at pakikiramay kasama ang ibang tao, nasaan man sila sa mundo, ay maghahatid ng mabuting pagbabago para sa ating lipunan.

© Amnesty International 2022

Except where otherwise noted, content in this document is licensed under a Creative Commons (attribution, non-commercial, no derivatives, international 4.0) licence.

<https://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/4.0/legalcode>

For more information please visit the permissions page on our website: www.amnesty.org

Where material is attributed to a copyright owner other than Amnesty International this material is not subject to the Creative Commons licence.

First published in 2022

by Amnesty International Ltd

Peter Benenson House, 1 Easton Street

London WC1X 0DW, UK

Cover image: © Amnesty International

Index: ASA 35/5446/2022

Original language: English

amnesty.org

AMNESTY
INTERNATIONAL 

NILALAMAN

1. WAKASAN ANG MGA PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO SA ILALIM NG “GIYERA KONTRA DROGA”, AT MAGHATID NG PANANAGUTAN AT REPORMA SA MGA POLISIYANG PANG-DROGA ALINSUNOD SA MGA KARAPATANG PANTAO	4
2. WAKASAN ANG MGA PAGPATAY AT PANGGIGIPIT SA MGA AKTIBISTA, TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO, KRITIKO NG GOBYERNO AT IBA PANG MGA PINUPUNTIRYANG GRUPO	6
3. IBALIK ANG KALAYAAN NG MIDYA AT PROTEKTAHAN ANG KALAYAAN SA PAGPAPAHAYAG	8
4. IGALANG AT PROTEKTAHAN ANG KARAPATAN SA KALUSUGAN AT IBA PANG KARAPATAN SA PANAHON NG PANDEMYA NG COVID-19 AT PAGKATAPOS NITO	9
5. PALAKASIN ANG MGA KARAPATAN SA PAGGAWA AT PANLIPUNANG SEGURIDAD (<i>SOCIAL SECURITY</i>)	10
6. PROTEKTAHAN ANG MGA KARAPATAN NG MGA NAISANTABING GRUPO O <i>MARGINALIZED GROUPS</i> (KATUTUBO O <i>INDIGENOUS PEOPLES</i> , LGBTI)	11
7. GARANTIYAHAN ANG KARAPATAN SA EDUKASYON	13
8. PROTEKTAHAN ANG KARAPATANG PANTAO SA GITNA NG <i>CLIMATE EMERGENCY</i>	14

Sa pamamagitan ng walong-puntong agendang ito, hinihimok ng Amnesty International ang mga kandidatong tumatakbo sa halalan sa Mayo 2022 na tiyaking nasa sentro ng kanilang mga plano para sa bansa ang proteksyon at pagtataguyod ng karapatang pantao. Sa agendang ito, isinusulong ng Amnesty International ang mga pangunahing isyu sa karapatang pantao at inihahain ang mga rekomendasyong makatutulong upang magampanan ng Pilipinas ang mga obligasyon nito sa ilalim ng pandaigdigang batas sa karapatang pantao o international human rights law.

Nananawagan ang Amnesty International sa lahat ng mga kandidato na mangakong ilalagay nila ang karapatang pantao sa sentro ng kanilang mga plano, kabilang ang pagsumpang itataguyod nila ang mga sumusunod na rekomendasyon at tahasang bibigyang-diin ang mga karapatang pantao sa kanilang mga kampanya. Dapat ilantad ng bawat kandidato ang kanilang pagtuon sa karapatang pantao, upang masuri ng bawat Pilipino ang kanilang mga posisyon at paninindigan, bago sila bumoto.

1. WAKASAN ANG MGA PAGLABAG SA KARAPATANG PANTAO SA ILALIM NG “GIYERA KONTRA DROGA”, AT MAGHATID NG PANANAGUTAN AT REPORMA SA MGA POLISIYANG PANG-DROGA ALINSUNOD SA MGA KARAPATANG PANTAO

Sa loob ng maraming taon, naging karaniwang problema na sa Pilipinas ang labag sa batas na MGA pagpaslang o extrajudicial executions, kung saan gumagamit ang magkakasunod na administrasyon ng lalong marahas na mga estratehiya upang tugunan ang insurhensya sa bansa.¹ Patuloy ding bigo ang mga awtoridad na pagbutihin ang mahinang sistema ng hustisya na hanggang ngayon ay bigong mag-imbestiga, magsakdal at mag parusa sa mga taong responsable sa paggawa o pag-uutos ng extrajudicial executions.

Tumaas nang husto ang kaso ng extrajudicial executions noong 2016, matapos maluklok sa puwesto si Pangulong Rodrigo Duterte na nangakong susugpuin ang krimen sa loob ng anim na buwan sa pamamagitan ng polisiyang tututok sa mga gumagamit at nagbebenta ng ilegal na droga. Sa nakalipas na anim na taon, libu-libong taong pinaghihinalaang gumagamit o nagbebenta ng ilegal na droga ang pinatay ng pulisya o ng mga hindi kilalang indibidwal, na karamihan ay maaaring may kaugnayan sa pulisya. Naniniwala ang Amnesty International na ang nakapangingilabot na karahasan sa ilalim ng "giyera kontra droga" ng gobyerno ay katumbas ng mga krimen laban sa sangkatauhan o crimes against humanity.

Nananatili ang klima ng kawalan ng kaparusahan o climate of impunity, na pinalala ng [pag-uudyok](#) ni Pangulong Duterte at ng iba pang matataas na opisyal ng gobyerno. Halos walang pananagutan ang mga maysala, kabilang ang mga pulis at hindi kilalang mga indibidwal na karamihan ay pinaniniwalaang nauugnay sa pulisya. Isang kaso lang ang alam ng Amnesty International na nagresulta sa mga paghatol –

¹ Tingnan, halimbawa, and UN Human Rights Council, [Report of the Special Rapporteur on Extrajudicial, summary or arbitrary executions](#), Mission to Philippines, Philip Alston, 16 April 2008, A/HRC/8/3/Add.2

ang pagpaslang sa [17 taong gulang na si Kian delos Santos, na umani ng pandaigdigang pagbatikos](#). Bagamat may ilang mga kasong administratibong isinampa laban sa ilang pulis, hindi malinaw ang naging resulta ng mga ito. Hindi sapat na parusang pang-administratibo lamang ang ipapataw sa mga taong responsable sa paggawa o pag-utos ng malalang mga paglabag sa karapatang pantao, kabilang ang karapatang mabuhay.

Nahaharap sa matinding pagsubok ang mga pamilya ng mga biktima upang makamit ang hustisya para sa kanilang mga mahal sa buhay. Halos imposible para sa kanila na magsimula ng mga kaso laban sa mga salarin, dahil sa mga gawa-gawa o mapanlinlang na ulat ng pulisya, kakulangan ng mga ulat ng autopsy, at mga banta ng paghihiganti sa kanilang mga pamilya at posibleng mga saksi.

Bagamat may panganib na dulot ang droga sa mga indibidwal at lipunan, ito mismo ang dahilan kung bakit kailangan lumayo ng gobyerno mula sa mga polisiyang batay sa pagbabawal at kriminalisasyon. Sa halip, dapat paboran ang mga alternatibong polisiyang batay sa ebidensya, na pumuprotekta sa pampublikong kalusugan o *public health* at sa mga karapatang pantao ng mga taong gumagamit ng droga, at iba pang apektadong komunidad. Sa mga nakaraang taon, bigo ang "giyera kontra droga" na pababain ang paggamit at paglaganap ng droga. Sa halip, nilabag lamang nito ang mga karapatan ng milyun-milyon, pinalala ang mga panganib at pinsala ng paggamit ng droga, at pinatindi ang karahasang nauugnay sa mga ipinagbabawal na merkado. Kaya nananawagan ang organisasyon sa susunod na administrasyon na wakasan ang mapagparusang pamamaraan sa kanilang estratehiya laban sa droga at tugunan ang mga kaugnay na problema gamit ang health-based approach na may pangunahing paggalang sa karapatang pantao.

MGA REKOMENDASYON:

- Agad na wakasan ang extrajudicial killings, di-makatwirang pagkulong at iba pang mga paglabag sa karapatang pantao na pumupuntirya sa mga taong pinaghihinalaang gumagamit o nagbebenta ng ipinagbabawal na droga.
- Wakasan ang mapaminsalang retorika, pag-uudyok at anumang anyo ng pagbibigay-katwiran sa paggamit ng karahasan laban sa mga taong pinaghihinalaang gumagamit o nagbebenta ng ipinagbabawal na droga.
- Mahigpit na sumunod sa Philippine National Police Operational Procedures, gayundin sa mga prinsipyo ng pandaigdigang batas para sa mga tagapagpatupad ng batas, kabilang ang *UN Basic Principles on the Use of Force and Firearms by Law Enforcement Officials*; ang *UN Code of Conduct for Law Enforcement Officials*; at ang *UN Body of Principles for the Protection of All Persons under Any Form of Detention or Imprisonment*. Tiyaking ang lahat ng mga pulis ay sumailalim sa ganap na pagsasanay sa mga pamantayang nabanggit at mga pamantayan para sa mga karapatang pantao.
- Bigyang-kapangyarihan ang isang independent body na magsagawa ng maagap, walang kinikilingan, at epektibong pagsisiyasat sa mga tagapagpaganap ng batas na pinaghihinalaang sangkot sa mga krimen sa ilalim ng pandaigdigang batas at iba pang malubhang paglabag sa mga karapatang pantao, kabilang ang extrajudicial executions, at kanilang kaugnayan sa hindi kilalang mga armadong taong nagsasagawa nito.
- Tiyakin ang sapat na imbestigasyon sa lahat ng mga awtoridad, anuman ang kanilang ranggo, kung may makatwirang hinala na may direkta at/o command o superior responsibility sila para sa mga krimen sa ilalim ng pandaigdigang batas at iba pang malubhang paglabag sa karapatang pantao.
- Tiyakin ang prosekusyon ng lahat ng kaso kung saan, batay sa imbestigasyon, may sapat na ebidensya ng kriminal na pananagutan para sa mga paglabag at pang-aabuso sa karapatang pantao.
- Magbigay ng sapat na tulong para sa mga pamilya ng mga biktima ng mga pagpatay na may kaugnayan sa droga, kabilang ang tulong pinansyal, suportang ligal, at mga serbisyong sikolohikal.

- Pahintulutan ang agaran at walang hadlang na akses para sa mga internasyonal na mekanismo ng pagsubaybay at pag-iimbestifa sa karapatang pantao, kabilang ang mga eksperto mula sa UN at mga imbestigador ng International Criminal Court.
- Magsagawa ng komprehensibong pagsusuri ng lahat ng batas at polisiyang pang-droga at iayon ang mga ito sa pandaigdigang batas sa karapatang pantao.
- Magsulong ng malinaw na pag-unawa sa komplikadong usapin ng pagkalulong sa droga at magtaguyod ng patakaran batay sa proteksyon ng kalusugan at karapatang pantao. Magsikap na bumalangkas ng public health approach na papalit sa kasalukuyang pamamaraang nakatutok sa pagbabawal at pagparusa.
- Magpatupad ng patakaran sa pagkontrol sa droga na pumuprotekta sa kalusugan at mga karapatan ng bawat tao, alinsunod sa pandaigdigang batas at mga pamantayan sa karapatang pantao.
- Isaayos ang pagpapatupad ng mga polisiya sa pagkontrol sa droga, na sa kasalukuyan ay may di-pantay na epekto at may diskriminasyon laban sa mga pinakamahirap at naisantabing komunidad.
- Palawakin ang akses sa mga serbisyong pangkalusugan at panlipunan upang mabawasan ang mga panganib at pinsalang kaugnay sa paggamit ng droga, kabilang ang pagtiyak na ang mga programa para sa paggamot at rehabilitasyon mula sa droga ay may kaakibat na mga pasilidad na pangkalusugan na handa, katanggap-tanggap, may mataas na kalidad at madaling ma-akses ng sinuman.
- Tiyaking ang anumang paggamot sa mga taong gumagamit ng droga ay boluntaryo, naaayon sa medikal na mga pamantayan, batay sa siyentipikong ebidensya at ginagabayan ng matalinong pagpapasya o informed consent.
- Ipagbawal ang sapilitang drug testing at tiyaking isasagawa lamang ito pagkatapos maibigay ang informed consent, sa pamamaraang walang diskriminasyon, malinaw, walang pagkukubli at inklusibo.

2. WAKASAN ANG MGA PAGPATAY AT PANGGIGIPIT SA MGA NI-“RED TAG” NA AKTIBISTA, TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATAANG PANTAO, KRITIKO NG GOBYERNO AT IBA PANG MGA PINUPUNTIRYANG GRUPO

Matagal nang nakararanas ng pag-atake mula sa gobyerno ang mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao, lalo na ang mga inaakusahang sumusuporta sa *Communist Party of the Philippines* (CPP) at sa armadong sangay nito, ang *New People's Army* (NPA). Sa ilalim ng administrasyong Duterte, nagkaroon ng nakababahalang pagtaas sa bilang ng mga pagpatay at iba pang pag-atake, pagbabanta at panggigipit sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, mga aktibista, [mga mamamahayag](#), [mga katutubo](#), mga hukom, [mga abogado](#) at iba pang mga kritiko ng gobyerno. Noong 2017, matapos gumuho ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng gobyerno at CPP/NPA, mas naging talamak ang mga pagbabanta at pag-atake. Lalo pang isinailalim ng mga awtoridad sa *“red-tagging”* ang mga aktibista, tagapagtanggol ng karapatang pantao, mamamahayag, at abogado. Ang estratehiya kontra-insurhensya ng gobyerno laban sa CPP/NPA ay lalong itinuo sa paninira at pagbuwag sa mga civil society organization na umano'y nagsisilbing *“CPP front groups”*.

Noong Marso 2021, siyam na tao ang [pinatay](#) ng mga pwersang panseguridad ng gobyerno kabilang ang mga aktibistang pangkalikasan at mga lider ng komunidad ng maralitang tagalungsod o urban poor. Anim na iba pa ang inaresto sa magkakasabay na raid laban sa mga na-“red-tag” na grupo sa Timog Katagalugan. Mula noong huling bahagi ng 2021, dose-dosenang mga pulis na ang inirekomenda ng *Department of Justice* na kasuhan para sa pagkamatay ng tatlong tao sa mga nabanggit na raid, ngunit walang naganap na

kapani-paniwalang imbestigasyon sa pagkamatay ng marami pang ibang tagapagtanggol ng karapatang pantao at aktibista.

[Patuloy na may pagkukulang at nananatiling bukas sa pang-aabuso](#) ang *Anti-Terrorism Act*, na nagbigay sa gobyerno ng malawak na kapangyarihan upang ikulong ang mga pinaghihinalaang kalaban ng estado o enemies of the state. Noong Disyembre 2021, dalawang probisyon ng batas ang pinawalang-bisa ng Korte Suprema, kabilang ang kahulugan ng terorismo na umano'y "masyadong malawak ang sakop at lumalabag sa kalayaan sa pagpapahayag." Gayunpaman, idineklara ng Korte Suprema na konstitusyonal ang natitirang bahagi ng batas. Sa kabila ng desisyon ng Korte Suprema, patuloy na banta ang batas na ito para sa mga maling inakusahan ng terorismo dahil sa labis at hindi mapigilang kapangyarihang ibinibigay nito sa gobyerno. Maaari ring maging arbitraryo at may diskriminasyon ang pagpapatupad ng batas na ito.

Matapos ang limang taon, patuloy pa rin ang hindi makatwirang pagkulong sa *prisoner of conscience* na si [Senadora Leila de Lima](#), base sa mga paratang na may motibong politikal. Ikinulong siya sa ilalim ng administrasyong Duterte matapos niyang imbestigahan ang mga pagpatay na may kaugnayan sa droga, at iba pang mga pagpaslang. Wala ring makitang ebidensya sa mga sinumpaang salaysay ng mga saksi ng prosekusyon – kabilang ang ilang opisyal ng gobyerno – para sa mga krimeng umano'y ginawa niya.

MGA REKOMENDASYON:

- Wakasan ang "*red-tagging*" at tiyaking walang sinuman ang pinupuntirya para sa paggamit ng kanilang karapatan sa malayang pagpapahayag, kabilang ang pagbibigay ng kritikal na opinyon sa mga awtoridad.
- Itigil ang mga pagbabanta at pag-atake laban sa civil society organizations, tagapagtanggol ng karapatang pantao at aktibista, at tahasang kundenahin at wakasan ang anumang nakapipinsala o mapagbantang retorika laban sa kanila, kabilang ang "*red-tagging*"; magbigay ng epektibong proteksyon para sa mga ni-*red tag* at panagutin ang mga responsable sa pagbabanta at pag-atake sa pamamagitan ng patas na paglilitis.
- Magsagawa ng mga hakbang na magpapanumbalik ng tiwala sa mga tagapagpatupad ng batas at mga ahensyang panseguridad, upang bigyang-kakayahan ang *civil society groups* at ang publiko na makipag-ugnayan sa mga ahensyang ito na naatasang mag-imbetiga sa mga alegasyon ng paglabag sa karapatang pantao, nang walang takot ng paghihiganti laban sa kanila.
- Iwasan ang paggamit sa kontra-insurhensya at kontra-terorismo upang bigyang-katwiran ang mga paglabag sa karapatang pantao; repasuhin ang mga polisiya at ahensyang kontra-insurhensya ng gobyerno, kabilang ang *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC), at wakasan ang mga patakarang lumalabag sa karapatang pantao at hindi sumusunod sa pandaigdigang batas at mga pamantayan sa karapatang pantao.
- Hayagang atasan ang mga opisyal – kabilang ang mga mula sa NTF-ELCAC o ang katumbas nito sa ilalim ng bagong administrasyon – na wakasan ang panggigipit at pananakot sa mga tagapagtanggol ng karapatang pantao at aktibista, at tiyaking magagampanan nila ang kanilang tungkulin sa isang ligtas at mapanghikayat na kapaligiran.
- Tiyakin ang proteksyon ng mga karapatan ng lahat ng tagapagtanggol ng karapatang pantao at aktibista, kabilang ang karapatan sa buhay, due process, kalayaan sa pagpapahayag, at kalayaan para sa mapayapang pagsasama-sama o peaceful assembly, na ginagarantiya ng *International Covenant on Civil and Political Rights* (ICCPR) na pinirmahan ng Pilipinas, at tiyaking magagampanan nila ang kanilang tungkulin nang walang panggigipit, pagbabanta, at pinsala.
- Wakasan ang politikal na panggigipit kay Senator Leila de Lima; iutos ang agaran at walang kondisyong pagpapalaya sa kaniya; at litisin ang sinumang napatunayang responsable para sa di-makatwirang pagkulong sa kanya at para sa iba pang mga paglabag sa kanyang mga karapatan.
- Disarmahan at buwagin ang lahat ng mga pribadong hukbo, mga milisyang itinaguyod ng estado at mga grupong paramilitar, at tiyakin ang ganap na pagsunod ng militar sa pambansa at pandaigdigang batas pamantayan sa karapatang pantao.
- Amyendahan ang *Anti-Terrorism Act* at ang *implementing rules and regulations* nito, at tiyaking naaayon ang mga ito sa pandaigdigang mga pamantayan, at hindi magagamit laban sa mga kritikal sa gobyerno.

- Tiyaking may kaakibat na pananagutan at pagtatanggol sa karapatang pantao ang anumang usapang pangkapayapaan, kabilang ang pagsasabatas ng kooperasyon sa pagprotekta sa mga karapatang pantao, at ng magkasanib na imbestigasyon sa kapani-paniwalang mga paratang ng paglabag sa karapatang pantao at international humanitarian law na naganap sa konteksto ng armadong tunggalian.
- Tiyakin ang ganap na kalayaan ng *Commission on Human Rights* alinsunod sa *Paris Principles*, at bigyan ito ng sapat na suporta, kabilang ang sapat na pondo upang palakasin pa ang mga gawainito kaugnay ng karapatang pantao.
- Itaguyod ang kooperasyon at pagtutulungan sa pagitan ng gobyerno at ng *Commission on Human Rights* na may layong padaliin ang imbestigasyon sa mga pagpatay sa mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao, gayundin sa iba pang mga paglabag sa karapatang pantao.
- Pagtibayin ang mga pangunahing kasunduan sa karapatang pantao at humanitarian law, tulad ng *Optional Protocol of the International Convention on Economic, Social and Cultural Rights*, ang *International Arms Trade Treaty*, at ang *International Convention for the Protection of All Persons from Enforced Disappearances*.
- Magtatag ng pambansang mekanismo laban sa pagpapahirap o torture, alinsunod sa mga obligasyon ng Pilipinas sa ilalim ng *Anti-Torture Act of 2009*, at ng *Optional Protocol to the Convention against Torture*.

3. IBALIK ANG KALAYAAN NG MIDYA AT PROTEKTAHAN ANG KALAYAAN SA PAGPAPAHAYAG

May hindi matatawarang tungkulin ang malayang midya sa pagtataguyod ng kalayaan sa pagpapahayag, at pagbibigay-daan sa mga tao upang maghanap at tumanggap ng impormasyon. Nababahala ang Amnesty International na sa nakaraang mga taon, labis na pinahina at inasulto ang kalayaan sa pamamahayag sa bansa.

Simula Mayo 2020, tumigil sa pag-ere ang ABS-CBN, ang pinakamalaking broadcast media network sa bansa, matapos tumanggi ang Kongreso – na karamihan ay mga kaalyado ni Pangulong Rodrigo Duterte – na aprubahan ang aplikasyon nito para sa renewal ng prangkisa. Nagsagawa ng maraming imbestigasyon ang ABS-CBN na nagpakita ng mga *extrajudicial execution* at iba pang paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng "giyera kontra droga" ng gobyerno. Marami rin sa mga naging ulat nito ang kritikal sa administrasyong Duterte. Naniniwala ang Amnesty International na ang pagpapasara sa ABS-CBN ay may motibong politikal at lumalabag ito sa kalayaan sa pagpapahayag, kalayaan ng midya at karapatan ng publikong maka-akses ng impormasyon.

Naging partikular na puntirya ng mga awtoridad ang Nobel Peace Prize awardee na si [Maria Ressa](#) at ang Rappler, ang digital media na itinatag niya, dahil sa kanilang panay na pagpuna kay Pangulong Duterte at sa kanyang administrasyon. Naglathala sila ng detalyadong mga imbestigasyon sa *extrajudicial executions* na bahagi ng "giyera kontra droga" at iba pang mga exposé. Kasalukuyang nahaharap sina Maria Ressa at ang Rappler sa maraming kaso at imbestigasyon, kabilang ang umano'y paglabag sa batas sa pagbubuwis at sa mga limitasyon sa Konstitusyon sa pag-aari ng dayuhan sa mass media. Noong Hunyo 2020, hinatulang [guilty](#) si Maria Ressa ng "*cyber libel*" sa ilalim ng *Cybercrime Prevention Act of 2012*. Para sa paghatol na ito, at kung mapapatunayang nagkasala rin siya sa ilalim ng marami pang ibang paratang na kinakaharap niya, maaari siyang makulong nang hanggang animnapung taon. Kabilang ang *Amnesty International* sa maraming grupong pangkarapatang pantao sa buong mundo na nagkondena sa hatol sa kanya bilang pag-atake sa kalayaan sa pamamahayag.

Nananatili ang Pilipinas bilang isa sa mga pinaka-mapanganib na lugar sa mundo para sa mga mamamahayag. Sinubaybayan ng *Amnesty International* nang may tumitinding pagkabahala ang pagtaas ng bilang ng mga pagpatay at iba pang mga pag-atake laban sa mga mamamahayag, gayundin ang malawakang kawalan ng pagpaparusa para sa mga naturang paglabag. Nag-aambag ito sa higit pang self-censorship at pagpapatahimik o *chilling effect* sa mga manggagawa ng midya. Ayon sa *National Union of*

Journalists of the Philippines, sa pagtatapos ng 2021, mahigit 20 mamamahayag sa bansa ang [pinatay](#) sa ilalim ng administrasyong Duterte.

MGA REKOMENDASYON:

- Tiyakin ang agarang pagbabalik ng operasyon ng ABS-CBN at itigil ang lahat ng pagtatangkang higpitan ang malayang pamamahayag sa bansa.
- Ibasura ang lahat ng mga kaso laban kay Maria Ressa, sa mga kasalukuyan at dating kasamahan niya sa Rappler, at sa Rappler mismo; at wakasan ang panggigipit, pananakot, paninira at iba pang pag-atake laban kay Maria Ressa, Rappler at sa malayang midya sa Pilipinas.
- Hayagang ikondena ang mga pag-atake laban sa mga mamamahayag sa Pilipinas. Gawing malaya, walang pagkukubli at epektibo ang pag-iimbestiga sa mga pagpatay sa mga kanila, at panagutin ang mga may kinalaman dito sa pamamagitan ng makatarungang paglilitis.
- Ipawalang-bisa o amyendahan ang lahat ng mga batas na labis na gumigipit sa kalayaan sa pagpapahayag, kabilang ang *Cybercrime Prevention Act of 2012*, at layon ang mga ito sa pandaigdigang batas at mga pamantayan sa karapatang pantao..

4. IGALANG AT PROTEKTAHAN ANG KARAPATAN SA KALUSUGAN AT IBA PANG KARAPATAN SA PANAHOON NG PANDEMYA AT PAGKATAPOS NITO

Ang karapatan sa kalusugan ay isang karapatang pantaong napapaloob sa pandaigdigang batas, at may ligal na obligasyon ang mga bansang nagpatibay sa mga kasunduang may kinalaman dito. Matagal nang napapabayaang at hindi binigyan ng sapat na pondo ng gobyerno ang mga ospital at medikal na pasilidad sa Pilipinas. Higit pang pinalitaw ng bugso ng mga kaso ng Covid-19 sa nakalipas na dalawang taon ang matinding pagkukulang sa sistemang pangkalusugan sa bansa. Lalo pang dinaluyong ang mga ospital na bago pa man ang pandemya ay dumaranas na ng matinding kakulangan sa tauhan at sapat na kagamitan. Bago pa man ang pandemya, hindi na sapat ang pasweldo at labis-labis ang trabaho ng mga manggagawang pangkalusugan. Patuloy nilang hinaharap ang mga problema gaya ng hindi nabayarang mga benepisyo at kakulangan ng *medical-grade personal protective equipment (PPE)*.

Sumailalim ang Metro Manila at iba pang mga lugar sa iba't ibang antas ng kwarantana mula noong Marso 2020 nang magsimula ang pandemya. Dahil sa naging mga paghihigpit, nagdusa ang maraming naisantabing komunidad sa kamay ng mga pulis at lokal na opisyal na kadalasa'y gumagamit ng hindi makatwiran at labis na puwersa sa pagpapatupad ng mga lockdown. Nahaharap din sa mga karagdang hadlang ang mga komunidad na ito gaya ng kawalan ng kita dahil hindi sila makapagtrabaho habang may mga paghihigpit sa panahon ng pandemya, at kawalan ng akses sa serbisyong pangkalusugan at pampublikong transportasyon.

Ang mga paratang ng katiwalian sa *Department of Health*, na may kinalaman sa paghawak ng pondo para sa pagtugon sa pandemya, ay maaaring nagresulta sa mga paglabag sa karapatan sa kalusugan. Bunsod ng ulat mula sa *Commission on Audit*, inimbestigahan ng isang Komite ng Senado paggawad ng *Procurement Service* ng *Department of Budget and Management* ng mga kontrata para sa pagbili ng mga *extraction machine, personal protective equipment* at *test kit*. Inirekomenda ng Komite ng Senado, sa [paunang ulat](#) nito, na sampahan ng mga kasong perjury ang mga senior executive ng isang *pharmaceutical company* at ilang dating opisyal ng gobyerno.

MGA REKOMENDASYON:

- Maglaan ng pinakamalaking suporta upang palakasin ang sistemang pangkalusugan ng bansa upang tiyaking handa ito sa mga pandemya sa hinaharap, at upang makapaghatid ito ng iba pang serbisyong pangkalusugan. Tiyaking ang suportang ito ay nakatuon sa pagbuo ng mas matatag na pambansang sistemang pangkalusugan kung saan handa, madaling magagamit, abot-kaya at de-kalidad ang mga pasilidad, produkto at serbisyong pangkalusugan.
- Palakihin ang badyet ng sektor ng pampublikong kalusugan, at bumuo ng plano upang tiyaking may sapat na pondo at manggagawa ang sistema ng pampublikong kalusugan. Tiyaking kalakip nito ang detalyadong pagsusuri ng paggastos na kakailanganin upang matiyak na matatamasa ng lahat ang karapatan sa kalusugan, at may posibilidad ng paglalaan ng higit pang pondo para sa pampublikong kalusugan .
- Tiyaking may buo at pantay na akses sa mga bakuna ang lahat, lalo na ang mga mababa ang kinikita at mula sa mga naisantabing komunidad. Siguraduhing lahat ay may akses impormasyong tungkol sa bakuna na walang kinikilingan, katiwa-tiwala at batay sa ebidensya , upang hikayatin at bigyang-kakayahan silang gumawa ng matalinong pagpapasya tungkol sa pagpapabakuna. Huwag magpataw ng hindi patas at mapagparusang mga hakbang – tulad ng mga paghihigpit sa paggamit ng pampublikong transportasyon at mahahalagang serbisyo – upang mapilitan silang magpabakuna.
- Bigyan ng akses sa sapat na healthcare at tulong pinansyal kung kinakailangan ang mga pinakananganganib sa COVID-19 at mga naisantabing grupo, kabilang na ang proteksyon mula sa pang-aabuso ng mga tagapagpatupad ng batas, sa panahon ng mga paghihigpit sa kwarantana.
- Hayagang mangakong wawakasan ang katiwalian sa gobyerno. Tiyakin ang walang pagkukubli at may pananagutang pamamahala sa pampublikong pananalapi sa kalusugan. Imbestigahan at tugunan ang katiwalian at isailalim sa makatarungang paglilitis ang mga nasasakdal.

5. PALAKASIN ANG MGA KARAPATAN SA PAGGAWA AT PANLIPUNANG SEGURIDAD (*SOCIAL SECURITY*)

Nagpapatuloy ang nakababahalang mga usapin kaugnay ng mga karapatan sa paggawa sa Pilipinas. Isiniwalat ng [pananaliksik](#) ng *Amnesty International* sa mga kumpanya ng pagmimina ng nickel sa Dinagat Islands na maraming manggagawa sa pagmimina ang walang kontrata, hindi pinasasahod sa tamang oras, at hindi binibigyan ng karampatang benepisyo (kabilang ang *social security* at *health insurance*). Lahat ng ito ay paglabag sa mga batas sa paggawa sa Pilipinas at sa pandaigdigang batas at mga pamantayan ng karapatang pantao.

[Inilantad](#) ng pandemya ang kakulangan ng sapat na proteksyon at pagkaantala sa mga benepisyo ng mga kontraktwal na manggawang pangkalusugan. Noong 2021, libu-libong *health workers* ang nakaranas ng pagkaantala sa kanilang *legally mandated allowances*, tulad ng *special risk allowance* at *hazard pay*, pati na rin ang mga *allowance* para sa pagkain, transportasyon at tirahan, at iba pang mga benepisyo. Naging usapin din and kakulangan sa manggagawang pangkalusugan, dahil sa matinding mga hamong kinaharap ng mga nars at nurse aide. Dapat magsilbing paalala ang COVID-19 sa gobyerno ng Pilipinas na hindi lamang dapat pagbutihin at palakasin ang sistemang pangkalusugan; dapat ding tiyaking katanggap-tanggap at naaayon sa mga karapatan sa paggawa ang sitwasyon ng lahat ng mga manggagawang pangkalusugan.

Nananatiling malaking bahagi ng ekonomiya ng bansa ang mga *remittance* mula sa *overseas Filipino workers*. Sa kabila nito, marami pa rin sa kanila ang dumaranas ng malawakang pang-aabuso, kabilang ang mga ilegal na gawi sa *recruitment* gaya ng pangungulekta ng ilegal o labis-labis na mga bayarin at pagpapalit ng kontrata, gayundin ang pagnanakaw ng sahod at pisikal na pang-aabuso sa kamay ng kanilang pinapasukan sa ibang bansa. Inaasahang magsisimula na ang operasyon ng bagong-tatag na *Department of Migrant Workers* sa taong 2023, na ayon sa gobyerno ay naglalayong palawigin pa ang mga serbisyo para sa OFWs at pag-isahin ang mga ahensyang nangangalaga sa kanila.

MGA REKOMENDASYON:

- Palakasin ang mga ahensyang may tungkuling magpatupad ng mga pamantayan sa paggawa (kabilang ang *Department of Labor and Employment* at ang *National Labor Relations Commission*) upang magkaroon sila ng sapat na tao at higit na kapasidad na subaybayan at suriin ang mga negosyo, tiyakin ang patas at napapanahong resolusyon ng mga hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng mga manggagawa at kanilang kumpanya, at makipagtulungan at makipag-ugnayan sa iba pang sangay ng gobyerno.
- Bigyan ang mga lokal na yunit ng gobyerno ng mas malaking papel sa pagpapatupad ng mga pamantayan sa paggawa, sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng kaugnay na mga batas at kautusan, tuntunin at regulasyon upang linawin at palakasin ang mga mandato ng mga institusyon ng pamahalaan. Tiyaking lahat ng kaugnay na batas ay naaayon sa *UN Committee on Economic, Social and Cultural Rights' General Comment No. 23 on the right to just and favourable conditions of work*.
- Mamuhunan at pahasayin ang kapasidad ng mga ahensya ng gobyerno upang tiyaking tanging mga rehistradong kontratista at mga kontratistang sumusunod sa *Labor Code* ng Pilipinas lamang (kabilang ang mga kontratistang hindi nakikibahagi sa *labor-only contracting*) ang ginagamit ng mga kumpanya.
- Mag-*recruit* at magsanay ng mga manggagawang pangkalusugan, at tiyaking nagtatrabaho sila sa mga kondisyong pumuprotekta sa kanilang kalusugan, kaligtasan at kapakanan, at naaayon sa mga internasyonal na pamantayan sa karapatang pantao.
- Tiyaking ang lahat ng mga manggagawang pangkalusugan at essential workers ay binabayaran ng patas na sahod, na sumasalin sa epekto ng kanilang trabaho sa kanilang kalusugan, kaligtasan at personal na buhay, gayundin sa mga partikular na paghihirap na nauugnay sa kanilang trabaho, alinsunod sa pandaigdigang batas at mga pamantayan sa karapatang pantao. Kung apektado ng pandemya ang anuman sa mga nakalistang salik sa itaas – tulad ng makabuluhang pagtaas ng hirap ng trabaho o epekto nito sa kalusugan ng mga manggagawang pangkalusugan – dapat isaalang-alang ng gobyerno ang pagbabago sa sahod, o pagdadagdag dito kahit na pansamantala lamang, upang tugunan ang mga pagbabago sa kalagayang ito.
- Kumalap at maglathala ng datos ayon sa trabaho, kabilang ang mga kategorya ng mga manggagawang pangkalusugan at essential worker na nagkaroon ng COVID-19, at kung ilan ang nasawi rito, upang tiyakin ang epektibong proteksyon para sa kanila sa hinaharap. Ang datos na ito ay dapat paghiwalayin batay sa mga katangiang pinuprotektahan laban sa diskriminasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa kasarian, antas sa lipunan, etnisidad, at nasyonalidad, pati na rin ang lugar ng trabaho.
- Palakasin ang mga hakbang upang protektahan ang *overseas Filipino workers*, kabilang na ang pagsubaybay, pag-iimbestiga at paglilitis sa hindi patas at ilegal na mga gawi ng *recruitment agencies*, at pakikipag-ugnayan sa ibang mga bansa upang tiyaking protektado rin ang mga OFWs sa kani-kanilang mga batas-paggawa.

6. PROTEKTAHAN ANG MGA KARAPATAN NG MGA NAISANTABING GRUPO O MARGINALIZED GROUPS (KATUTUBO O INDIGENOUS PEOPLES, LGBTI)

Sa nakalipas na anim na taon, tumindi ang mga pagpatay at iba pang marahas na pag-atake laban sa mga pinuno at miyembro ng mga katutubong komunidad na ni-red tag ng mga puwersang panseguridad ng gobyerno. Noong 30 Disyembre 2020, naiulat na puwersahang pinasok ng mga opisyal ng pulisya at militar ang mga bahay ng mga kasapi ng [Tumandok](#) sa Isla ng Panay, gitnang Pilipinas, alas-kuwatro ng umaga upang maghain umano ng mga warrant of arrest para sa illegal possession of firearms and explosives.

Walang piyansa (*non-bailable*) ang kasong ito, na kadalasang ginagamit ng gobyerno upang ikulong ang mga aktibista at tagapagtanggol ng karapatang pantao nang matagal na panahon. Siyam ang pinatay, na ayon sa pulisya ay tumanggi umanong magpa-aresto at nanlaban – isang salaysay na ginamit upang bigyang-katwiran ang mga pagpatay na nangyayari sa operasyon ng pulisya, sa kabila ng ebidensyang labag sa batas ang naging pagpaslang. Hindi bababa sa 16 na iba pa ang inaresto. Nangako ang pulisya na iimbestigahan ang mga posibleng pagkakamali sa isinasagawang raid, ngunit hanggang ngayon ay wala pang isinasapubliko tungkol sa imbestigasyong ito. Naging target ng mga pagpatay, marahas na pag-atake at pananakot ang iba pang mga katutubo at mga taga-suporta nila. Nakababahala ang sitwasyong ito ng mga katutubo, sa kabila ng paglagda ng Pilipinas noong 2017 sa *UN Declaration on the Rights of Indigenous Peoples (UNDRIP)* at muling pagpapatibay ng administrasyong Duterte noong 2017 ng pangakong ipatutupad ang nasabing Deklarasyon.

Patuloy na nahaharap sa diskriminasyon at nabubuhay sa na takot sa panggigipit, di-makatwirang pag-aresto at detensyon ang mga miyembro ng LGBTI. Nananatili rin silang vulnerable sa karahasan at pag-uusig batay sa kanilang oryentasyong sekswal, gender identity at expression, at mga katangian ng kanilang kasarian. Nagpahayag ng [lubhang pagkabahala](#) ang *Amnesty International* tungkol sa mga pag-atake laban sa mga grupong LGBTI sa *Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM)* noong Setyembre 2021. Noong Setyembre 18, 2021, halimbawa, isang *improvised explosive device (IED)* ang pinasabog ng hindi kilalang mga indibidwal sa isang laro ng *volleyball* sa Datu Piang, Maguindanao. Walong LGBTI ang sugatan at isa sa kanila ang nasawi kalaunan. Karamihan sa mga biktima ay mga LGBTI, na naiulat na nakatanggap ng mga banta ng pagpatay dahil sa kanilang oryentasyong sekswal, pagkakakilanlan at pagpapahayag ng kasarian. Makalipas ang isang araw, sinabi ng *Bangsamoro Parliament* na isa pang LGBTI ang pinaslang sa kanyang sariling tahanan ng hindi kilalang salarin. Hanggang sa ngayon, walang naaresto o kinasuhan para sa mga pag-atakeng ito.

Sa panahon ng pandemya, naiulat na nakaranas ng pang-aabuso at panggigipit ang mga LGBTI, kasunod ng mga umano'y paglabag sa mga patakaran sa *lockdown*. Noong Abril 2020, tatlong LGBTI ang [pinatigil at ikinulong](#) sa Pandacaqui, Pampanga, at pinahiya sa publiko matapos utusang humalik, sumayaw, at mag-push-up nang naka-*video broadcast* sa *social media*,kung saan pinangalanan din sila.

Ang Pilipinas ay patuloy na may [pinakamabilis na lumalagong epidemya ng HIV sa rehiyon ng Asya-Pasipiko](#), kung saan ang bilis ng pagkalat ng HIV o *HIV prevalence rate* sa mga lalaking nakikipagtalik sa kapwa lalaki ay pumapangalawa sa pinakamataas (5%), kasunod ng mga taong nag-iiniksyon ng droga (29%).

MGA REKOMENDASYON:

- Tiyakin ang komprehensibong pagpapatupad ng *Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA)*, at subaybayan at tugunan ang mga hamon sa wastong paggana nito, nang may ganap na konsultasyon sa mga apektadong komunidad,.
- Wakasan ang karahasan, pag-aresto at panggigipit sa mga katutubo; maglunsad ng maagap at walang kinikilingang imbestigasyon sa mga pag-atake sa kanila; at isakdal at papanagutin ang mga napatunayang responsable para sa mga naturang paglabag.
- Tiyakin ang proteksyon, seguridad at kapakanan ng lahat ng mga katutubo, kabilang ang mga nahaarap sa panganib sa kanilang buhay upang mabigyang-pansin ang mga paglabag sa karapatang pantao sa komunidad ng katutubo at ipaglaban ang kanilang mga karapatan.
- Gumawa ng naaangkop na mga hakbang upang protektahan ang mga karapatan at kaligtasan ng mga LGBTI, at upang wakasan ang mga pagbabanta o pag-atake laban sa kanila. Dapat imbestigahan at papanagutin ang mga responsable sa mga pag-atake.
- Magpasa ng mga batas, gaya ng *Comprehensive Anti-Discrimination Bill* at ang *SOGIE (Sexual Orientation, Gender Identity and Gender Expression) Equality Bill*, na nagbibigay-proteksyon sa mga LGBTI at iba pang naisantabi at vulnerableng grupo laban sa karahasan, panggigipit, diskriminasyon at iba pang anyo ng pag-atake.
- Tugunan ang diskriminasyon kaugnay sa HIV laban sa mga LGBTI, at tiyaking ang pagsusuri at paggamot ay kaagad at madaling makukuha ng mga taong may HIV.

7. GARANTYAHAN ANG KARAPATAN SA EDUKASYON

Obligasyon ng gobyerno na tiyaking ang edukasyon, bilang isang karapatan, ay maaaring ma-akses ng lahat, walang diskiminasyon, at mataas ang kalidad. Gayunpaman, sa loob ng maraming dekada, hindi sapat ang pondong inilalaan ng gobyerno sa sistema ng pampublikong edukasyon. Matagal nang nahaharap ang mga pampublikong paaralan ay sa mga problema gaya ng kakulangan ng mga silid, pasilidad, kagamitan at mga gusali ng paaralan lalo na sa malalayong lugar. Labis-labis sa trabaho at kulang ang sweldo ng mga pampublikong guro, at marami ang napipilitang gumastos ng sarili nilang pera para makabili ng mga kagamitan at iba pang materyales na kailangan nila sa pagtuturo.

Sa panahon ng COVID-19, libu-libong mga bata ang naharap sa nakababahalang epekto ng pandemya sa kanilang edukasyon, dahil sa pagsasara ng mga paaralan at sa paglipat sa *remote* o *online* na mga klase. Hindi handa at walang sapat na kagamitan ang mga mag-aaral at kanilang mga guro para makiayon sa mga pagbabagong ito, tulad ng paggamit ng mga *computer* at iba pang mga *gadget* na may koneksyon sa *Internet*. Ayon sa [UNICEF Philippines](#), may pangmatagalang epekto sa mga mag-aaral ang pagkaantala at hadlang sa kanilang edukasyon, kabilang ang kawalan ng pagkatuto, mga isyu sa kalusugang pangkaisipan o *mental health*, mas mataas na panganib ng *pag-drop out*, *child labor* at *child marriage*.

Nahaharap ang katutubong kabataan sa partikular na mga hamon, kabilang ang banta ng *red-tagging* ng pamahalaan sa kanilang mga komunidad. Noong Pebrero 2021, [sinalakay](#) ng mga pwersang panseguridad ng gobyerno ang isang paaralan sa Cebu City kung saan nakatira ang mga estudyante mula sa mga katutubong komunidad na napilitang lumikas mula sa dati nilang tirahan dahil sa armadong labanan. Pitong tao, kabilang ang mga estudyante, guro at isang *community elder*, ang inaresto nang walang *warrant* at kinasuhan ng *kidnapping* at *human trafficking*. Inakusahan sila ng pagsasanay ng mga batang sundalo para sa kilusang rebeldeng komunista. Ikinulong sila nang tatlong buwan bago ibinasura ang mga paratang laban sa kanila.

MGA REKOMENDASYON:

- Paigtingin ang garantiya para sa karapatan sa edukasyon sa pagtatapos ng mga *lockdown measures* at pagsasara ng mga paaralan dulot ng pandemya, kabilang ang pagtulong sa pagbalik ng mga mag-aaral sa eskwelahan bilang bahagi ng ligtas na pagpapatuloy ng mga klase sa mismong paaralan. Sa mga klaseng hindi pa nagbabalik-paaralan, dapat makatanggap ng sapat na suporta ang mga estudyante at guro upang matiyak ang patuloy na pagkatuto, tulad ng pagbibigay ng mga *gadget* at iba pang suporta na kinakailangan para sa *online* o *remote* na mga klase.
- Dagdagan ang nakalaang pondo para sa pampublikong edukasyon, habang tinitiyak na ang mga guro sa pampublikong paaralan ay may sapat na pagsasanay at patas na sahod at iba pang benepisyong naaayon sa kanilang trabaho.
- Pahasayin ang mga hakbang upang matiyak ang pangkalahatang akses sa mataas na kalidad ng edukasyon. Hindi dapat ipasara at pagbantaan ang mga alternatibong sistema ng pag-aaral, tulad ng ginagawa ng mga *community-based organization* para sa mga mag-aaral mula sa mga katutubong komunidad. Sa halip, dapat itong bigyan ng suporta ng gobyerno, na may layuning magkakaroon ng akses sa edukasyon ang lahat.
- Ipagpatuloy ang pagsisikap na mapataas ang pagpasok ng mga bata sa paaralan. Tugunan ang ugat ng kakulangan sa edukasyon, kabilang ang kahirapan, kakulangan ng mga gusali ng paaralan lalo na sa mga malalayong lugar, at hindi sapat na pondo, lalo na para sa *early childhood education*.

8. PROTEKTAHAN ANG KARAPATANG PANTAO SA GITNA NG *CLIMATE EMERGENCY*

Ang pagbabago ng panahon o klima, o *climate change*, ay isang banta sa pagtamasa ng mga karapatang sibil, pampulitika, pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura ng kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng mga Pilipino. Nasasaksihan na ng Pilipinas ang mapangwasak na epekto ng pagbabago ng klima, tulad ng matitinding *heatwave* at bagyo. Ang mga kaganapang ito, kasama na ang iba pang nagsisimulang epekto ng *climate change* tulad ng pagtaas ng lebel ng dagat, ay malaking banta sa pagtatamasa ng mga karapatang pantao, kabilang ang mga karapatan sa buhay, tubig, pagkain, pabahay, kalusugan, kalinisan, sapat na pamantayan ng pamumuhay, at trabaho sa bansa.

Bigo ang gobyernong protektahan ang mga karapatang pantao sa konteksto ng umiigting na mga sakuna na nauugnay sa *climate change*. Walong taon matapos ang bagyong Yolanda, noong 2021, iniulat ng *Philippine National Housing Authority* (NHA) na nananatiling pangunahing isyu sa programang pabahay ng gobyerno sa mga lugar na naapektuhan ng bagyong Yolanda ang hindi pa natatapos na mga bahay, mababang bilang ng mga tumitira rito, kakulangan ng mga pangunahing kagamitan, at ang layo nito mula sa mga mapagkukunan ng kita. Binanggit din ng *Philippine Commission on Audit* (COA) ang mga problema gaya ng kakulangan sa mga pangunahing serbisyo tulad ng tubig at kuryente, distansya mula sa mga pinagmumulan ng kabuhayan, at pagkakamali sa konstruksyon. Pinuna rin ng COA ang gobyerno dahil sa hindi epektibong paggamit nito sa mga donasyong pondo. Inirekomenda ng Presidential Anti-Corruption Commission ang pagsasampa ng kaso laban sa mga opisyal ng gobyerno.

Bilang sagot sa ulat ng *Intergovernmental Panel on Climate Change* noong Pebrero 2022, nanawagan sa gobyerno ang mga eksperto sa climate change adaptation, kabilang ang mula sa *Greenpeace*, na palakasin ang mga estratehiyang nito upang tiyakin ang kahandaan laban sa mga epekto ng *climate change*. Kabilang dito ang pagsuporta sa konserbasyon at pagpapalawak ng mga *mangrove* at *beach forest*, pagprotekta sa mga *watershed* at pagpapanumbalik ng kagubatan, at pagpapataas sa kakayahan ng mga komunidad na makiayon sa mga pagbabago, sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang mga pangangailangan at karapatan. Dapat ding isama sa pambansa at lokal na mga plano at pondo ang pagtugon sa *climate change*.

Obligasyon ng mga awtoridad na magpatupad ng lahat ng kinakailangang hakbang upang protektahan ang mga karapatang pantao ng mga taong apektadong mga sakuna. Kailangan ding tulongan ng mga awtoridad ang lahat upang sapat na makapaghanda sa pagdating ng masamang panahon at pagbaago sa klima, at tumugon sa natukoy at hindi maiiwasang mga epekto ng *climate change*, upang mabawasan ang epekto ng mga ito sa kanilang karapatang pantao. Kung hindi makagawa ang Pilipinas ng sapat na hakbang tungo sa paghahanda at pagtugon sa mga peligro ng sakuna na titiyak sa patuloy at progresibong pagsasakatuparan ng mga karapatang pang-ekonomiya, panlipunan at pangkultura, dapat manawagan ang gobyerno ng internasyonal na kooperasyon at tulong. Dapat ding tiyaking ang mga natanggap na pondo ay gagamitin para protektahan at tuparin ang mga karapatang pantao.

MGA REKOMENDASYON:

- Magpatupad ng mga batas, patakaran at serbisyong naaayon sa karapatang pantao at may kaugnayan sa paghahanda at pagtugon sa sakuna, at tiyaking iginagalang at itinatangayod ang mga karapatan ng mga taong naninirahan sa mga bulnerableng komunidad – tulad ng mga karapatan sa buhay, kabuhayan, tubig, pabahay – lalo na sa panahon ng mga sakuna.
- Tiyakin ang akses sa pagkain, ligtas na tubig, sapat na pabahay, kuryente at *sanitation facilities* nang walang diskriminasyon sa mga biktima ng bagyong Yolanda at lahat ng apektado ng malubhang pagbabago sa panahon, habang tinitiyak na hindi sila napipilitang mamuhay sa mga kondisyong nakasisira sa kanilang kalusugan at nakaaapekto sa kanilang kabuhayan.
- Isabatas at ipatupad ang *adaptation measures* na naaayon sa karapatang pantao at nagbibigay ng sapat na proteksyon mula sa natutukoy at hindi maiiwasang mga epekto ng krisis sa klima.
- Isaalang-alang ang mga pangangailangan ng iba't ibang grupo sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng *climate change adaptation* at *disaster risk reduction strategies*. Nangangailangan ito ng pagtukoy at pagtugon sa mga sanhi, kabilang ang pagsasantabi at diskriminasyon, na nagpapataas

ng mga panganib ng pinsala mula sa mga epekto ng klima, at paglalaan ng sapat na suporta sa pagsasakatuparan ng mga pang-ekonomiya, panlipunan at pangkulturang karapatan ng lahat ng tao, nang may prayoridad sa mga nahaharap sa pinakamalaking panganib.

- Tiyaking binibigyang-prayoridad ng mga *adaptation measure* ang mga pinaka-naisantabing grupo, komunidad at indibidwal. Kabilang dito ang pagtugon sa mga *gender imbalance* at pagkuha ng gabay mula sa tradisyunal na kaalaman ng mga katutubo at iba pang mga lokal na komunidad.
- Tukuyin ang tumpak na mga pangangailangan ng Pilipinas patungkol sa pagsasalin ng teknolohiya at tulong pinansyal na kailangan mula sa mas mayayamang bansa. Ito ay upang suportahan ang kasalukuyang pagsisikap ng Pilipinas sa pag-adapt at pagtugon sa pinsalang dulot ng *climate crisis*, sa paraang ganap na pumuprotekta sa mga karapatang pantao.
- Tiyaking na nagagamit ang mga pondong natatanggap sa pamamagitan ng internasyonal na kooperasyon at tulong upang protektahan at tuparin ang mga karapatang pantao, at na nagagamit ito ng mga taong higit na nangangailangan, lalo na mula sa mga naisantabing komunidad.

**ANG AMNESTY
INTERNATIONAL AY ISANG
PANDAIGDIGANG KILUSAN
PARA SA KARAPATANG
PANTAO. KAPAG
NAKARARANAS NG KAWALAN
NG HUSTISYA ANG ISANG TAO,
LAHAT TAYO AY APEKTADO.**

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN



info@amnesty.org



+44 (0)20 7413 5500

SUMALI SA TALAKAYAN



www.facebook.com/AmnestyGlobal



[@Amnesty](https://twitter.com/Amnesty)

ELEKSYON 2022: 8-PUNTONG AGENDA PARA SA KARAPATANG PANTAO

Mula noong *2016 Presidential elections*, patuloy ang naging pag-atake sa mga karapatang pantao sa Pilipinas. Partikular na tumaas ang mga kaso ng extrajudicial executions at kawalan ng kaparusahan o impunity para sa mga malubhang paglabag sa karapatang pantao. Binibigyang-diin ng 8-puntong agenda na ito para sa karapatang pantao ang pangunahing mga usapin at rekomendasyon para sa mga kandidato sa halalan. Kabilang dito ang kagyat na pangangailangang ibalik ang paggalang sa karapatan sa buhay, ang karapatan sa *due process* at patas na paglilitis at ang pagbabawal sa pagpapahirap o *torture* at hindi makataong pagpaparusa. Binibigyang-diin din ng agenda na ito ang pangangailangang garantiyahan ang karapatan sa kalusugan, karapatan sa edukasyon, karapatan ng mga naisantabing grupo, *climate justice*, at karapatan sa paggawa. Nananawagan ang *Amnesty International* sa lahat ng mga kandidato sa halalan na tahasang bigyang-diin ang sitwasyon ng karapatang pantao sa Pilipinas sa kanilang kampanya at sakaling manalo sila, bigyang-prayoridad ang pagtugon sa mahahalagang usapin at rekomendasyong ito.